# Timeline ng Aming Tahanan

( Family)

**Evacuation site** (Evacuation center, bahay ng kamag-anak, bahay ng kaibigan)

**Paraan ng pagpunta sa evacuation site**

**Tagal para makapunta sa evacuation site**

minuto

| Mga dapat na pag-ingatan | Impormasyon sa paglikas atbp. | Mga dapat gawin para hindi mahuli sa pagtakas |
|---|---|---|
| **Mayroong bagyo Papalapit ang bagyo**<br>Mag-ingat sa taya ng panahon, impormasyong inanunsyo ng Japan Meteorological Agency, at sa taas ng tubig sa kailugan!! | 【Alert Level 1】<br>Early warning information<br><br>【Alert Level 2】<br>Impormasyon para mag-ingat sa malakas na pag-ulan / pagbaha<br>Kailugan : Umabot na sa taas ng tubig na dapat mag-ingat sa pag-apaw<br>Anunsyo ng impormasyon para mag-ingat sa pag-apaw | ◆ **Kumpirmahin ang impormasyon tungkol sa bagyo sa TV o radyo**<br>◆ **Muling kumpirmahin ang evacuation site, paraan ng pagpunta at tagal para makapunta roon**<br>◆ **Kumpirmahin ang mga dadalhin kapag lilikas ( markahan ng ○ )**<br>・Maiinom na tubig ・Pagkain ・Pampalit na damit ・Tuwalya<br>・Flashlight ・Portable radio ・Baterya ・Portable charger<br>・Mga mahahalagang bagay tulad ng passbook atbp. ・Face mask ・Wet tissue<br>・Regular na gamot ・Iba pa ( )<br>◆ **Magpalit ng damit na para sa madaling paglikas**<br>*** Huwag lumapit sa kailugan at palayan** |
| **Mag-ingat sa impormasyon sa paglikas na opisyal na iaanunsyo ng munisipalidad!!** | **【Alert Level 3】**<br>**Opisyal na pag-anunsyo ng paglikas ng mga matatanda atbp.**<br>Kailugan : Umabot na sa taas ng tubig na kailangang magdesisyon tungkol sa paglikas<br>Anunsyo ng impormasyon ng babala sa pag-apaw | ◆ **Ang timing para sa aming tahanan na lumikas ay sa Alert Level 3**<br>◆ **Sisimulan ang paglikas ng mga taong matatagalang lumikas tulad ng mga matatanda atbp.**<br>・Sabihin sa pamilya at mga kamag-anak kung saan lilikas.<br>・(Numero ng telepono ng pamilya o mga kamag-anak na kokontakin : ________________________ ) |
| Mag-ingat sa impormasyong iaanunsyo ng Japan Meteorological Agency, at sa taas ng tubig sa kailugan!! | **【Alert Level 4】**<br>**Opisyal na pag-anunsyo ng kautusan sa paglikas**<br>Kailugan : Umabot na sa taas ng tubig na may panganib ng pag-apaw<br>Anunsyo ng impormasyon tungkol sa panganib ng pag-apaw | **Bilugan ang alinman ayon sa linyang putol-putol.**<br>◆ **Ang timing para sa aming tahanan na lumikas ay sa Alert Level 4**<br>◆ **Ang lahat ay lilikas mula sa mapanganib na lugar**<br>・Tawagin ang mga kapitbahay at lumikas nang magkakasama.<br>・(Mga taong tatawagin : ______________________________ ) |
| | 【Alert Level 5】<br>Kailugan : Mayroong pag-apaw!!<br>Anunsyo ng impormasyon tungkol sa nangyaring pag-apaw | **Evacuation complete!** |

〔Paraan ng paggamit〕

・Ipaskil ito sa lugar kung saan madaling makikita sa loob ng bahay, at lumikas habang kinukumpirma ang nilalaman sa oras ng sakuna.

・Kung may anumang pagbabago sa nilalaman nito, pag-isipan ito muli at regular na magsagawa ng pagsasanay sa paglikas kasama na ang pagkumpirma sa Timeline ng Aming Tahanan.

# Gumawa tayo ng Timeline ng Aming Tahanan

Nitong mga nakalipas na taon, sunod-sunod na nagkaroon ng mga record-setting na malakas na pag-ulan dulot ng bagyo atbp. sa buong bansa, na nagdulot ng malakihang sakuna ng pagbaha at pagguho ng lupa. Maging sa prefecture na ito, humigit-kumulang na 4,200 katao noong nagkaroon ng malakas na pag-ulan sa area ng Kanto / Tohoku noong Setyembre 2015 at humigit-kumulang 330 katao noong East Japan Typhoon ng 2019 ang hindi nakaabot sa paglikas, at naging mga "nahuli sa pagtakas."

Upang maiwasan ang ganito, sa karaniwang panahon pa lamang ay gumawa tayo ng "Timeline ng Aming Tahanan" upang kumpirmahin kung ano ang mga dapat gawin sa bawat tahanan upang hindi mahuli sa pagtakas.

## ○ Paraan ng paggawa

**① Isulat ang pangalan**

**② Isulat ang evacuation site na pupuntahan kapag nagkaroon ng pagbaha.**
 * Lumikas sa evacuation center ng munisipalidad.
 O kaya'y maaari rin sa bahay ng kamag-anak / kaibigan atbp. na walang nakamarkang kulay sa hazard map.


**③ Isulat ang paraan ng pagpunta sa evacuation site.**

**④ Isulat ang tinatayang tagal para makapunta sa evacuation site.**

**⑤ Markahan ng ○ ang mga bagay na dadalhin kapag lilikas.**

**⑥ Pagpasyahan ang timing kung kailan lilikas at markahan ito ng ○.**


- **【Alert Level 3】Paglikas ng mga matatanda atbp.**
  Piliin ito kung may taong matatagalang lumikas tulad ng matatanda atbp. sa pamilyang magkasamang tatakas.
- **【Alert Level 4】Kautusan sa paglikas**
  Piliin ito kung iba ang sitwasyon sa nakasulat sa itaas.




## ○ Ano ang hazard map?

Ang hazard map ay isang mapa na nagpapakita ng mga lugar na may panganib ng pagbaha o pagguho ng lupa, at ng mga evacuation site (mga itinalagang evacuation center atbp.) kapag nagkaroon ng sakuna at may nakamarkang kulay ang mga lugar na may posibilidad na bahain. Alamin antimano kung ang lugar ng inyong bahay ay may posibilidad na bahain.

Para sa hazard map, mangyaring tingnan ang website ng munisipalidad kung saan kayo nakatira, o magtanong sa seksyon ng Disaster Prevention ng inyong munisipalidad.



Ang hazard map ay maaaring tingnan mula sa QR code sa ibaba.